



## **KAUTUSAN NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG PUBLIKO PARA SA PAGPIGIL NG COVID-19**

### **Blg. 20-05e**

Kautusan sa **Paghiwalay sa Sarili (Isolation)** dahil sa Emerhensiya sa Kalusugan ng Publiko  
Petsa ng Paglabas ng Kautusan: Abril 3, 2020, binago noong Mayo 4, 2020, Hunyo 8, 2020, Hulyo  
27, 2020 at Oktubre 21, 2021.

Ang Kautusang ito ay may bisa hanggang sa ipawalang-bisa sa pamamagitan ng pagsulat ng  
Opisyal sa Kalusugan.

### **BUOD NG KAUTUSAN**

**Ang California ay nasa State of Emergency dahil sa pandemya ng COVID-19.** Ang pagkalat ng Novel Coronavirus (COVID-19) ay isang malaking panganib sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng Alameda. Ang COVID-19 ay madaling kumalat sa pagitan ng mga taong malapit sa isa't isa. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa siyentipikong ebidensya at mga pinakamagandang kasanayan na batid sa kasalukuyan at magagamit upang protektahan ang mahihinang miyembro ng publiko mula sa maiiwasang panganib ng malubhang sakit o kamatayan na resulta ng pagkakalantad sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19). Ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang malaking bahagi ng populasyon ng County ng Alameda ("County") ay inilalagay ito sa panganib para sa malubhang mga komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang kamatayan, mula sa COVID-19. Mayroong dumaraming ebidensiya ng panganib sa paglilipat ng sakit mula sa mga nahawaang tao bago ang pagsisimula ng mga sintomas, at mula sa mga taong hindi nagpapakita ng anumang sintomas. Kaya, ang lahat ng indibidwal na nagkasakit ng COVID-19, anuman ang antas ng kanilang mga sintomas (wala, katamtaman o malubha), ay maaaring mailagay ang iba pang mahihinang miyembro ng publiko sa malaking panganib. Upang matulungang pabagalin ang pagkalat ng COVID-19, protektahan ang mahihinang indibidwal, at pigilan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa County ng Alameda na sumobra ang pasanin, kinakailangan ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko ng Alameda County ("Kalusugan ng Publiko") na ihiwalay (isolate) ang mga taong may COVID-19.

### **SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYON 101040, 101085, AT 120175, INUUTOS NG OPISYAL SA KALUSUGAN NG COUNTY NG ALAMEDA NA:**

**Ang lahat ng indibidwal na nasuring mayroon o may posibilidad na magkaroon ng COVID-19 ay kinakailangang ihiwalay ang kanilang sarili. Ang mga taong ito ay kailangang sundin ang lahat ng mga instruksiyon sa Kautusan na ito at ang mga gabay na dokumento ng Kalusugan ng Publiko na tinukoy sa Kautusan na ito.**

**Ang paglabag sa Kautusan na ito ay isang krimen, na maaaring parusahan ng multa na hanggang \$10,000 at/o isang taon sa bilangguan.**

**(Mga Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan §§ 120295 at ang mga kasunod; Kodigo Penal ng California §§ 69 at 148)**



---

## ***Mga Kinakailangan sa Paghiwalay sa mga Indibidwal na Nasuring Mayroon o May Possibilidad na magkaroon ng COVID-19***

---

### **A. Ang lahat ng indibidwal na nasuring mayroon o may posibilidad na magkaroon ng COVID-19 ay dapat gawin kaagad ang mga sumusunod na aksyon:**

1. **Ihiwalay (isolate) ang kanilang mga sarili** sa kanilang tahanan o ibang tirahan. Hindi nila maaaring iwanan ang lugar kung saan sila nakahiwalay o pumasok sa anumang pampubliko at pribadong lugar, maliban para makatanggap ng kinakailangang pangangalagang medikal o tulad ng tinutukoy sa ibaba.
2. Ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga lisensyadong ospital para sa panandaliang paggamot sa malubhang pinsala o sakit (acute care hospitals), ospital para sa sakit sa isip at mga pasilidad para sa may kasanayang pangangalaga (skilled nursing facilities) ay maaaring bumalik sa trabaho bago matapos ang kanilang panahon ng paghiwalay sa sarili (isolation period) kung ang kanilang employer ay nahaharap sa kritikal na kakulangan sa mga kawani AT sinusunod nila ang mga gabay na nakasaad sa [AFL 21-08.5](#).
3. Maingat na suriin at sundin mabuti ang lahat ng kinakailangan na nakalista sa “Mga Instruksiyon sa Paghiwalay sa Sarili sa Bahay (Home Isolation Instructions)” na nakapaskil sa <https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine> at nakalakip sa kautusan na ito.
4. Sabihin sa kanilang malalapit na contact na kailangan nilang i-quarantine ang kanilang mga sarili. Ang malalapit na contact na dapat maabisuhan sa pag-quarantine ng sarili (self-quarantine) ay ang mga taong kasama nila habang sila ay nasa nakakahawang panahon. Ang nakakahawang panahon ay nagsisimula mula 48 oras bago nagsimula ang mga sintomas (o ang petsa noong nagkaroon ng positibong pagsusuri kung walang mga sintomas) at matatapos kapag tapos na ang panahon ng paghiwalay o isolation period (tingnan sa Seksyon C sa ibaba). Ang malalapit na contact ay ang mga taong:
  - Nakatira o nanatili sa kanilang tirahan O
  - Mga kapareha nila sa pakikipagtalik O
  - Nagbibigay o nagbigay ng pangangalaga sa kanila nang hindi nagsusuot ng mask, gown o guwantes O
  - Nasa 6 na talampakan mula sa isang may COVID-19 (case) sa loob ng 15 minuto o higit pa habang nasa 24 na oras.<sup>1</sup>
5. Isangguni sila sa “Mga Instruksiyon sa Pag-quarantine sa Bahay (Home Quarantine Instructions)”, na nakapaskil sa <https://covid-19.acgov.org/isolation-quarantine>, na inilalarawan ang bawat hakbang na dapat gawin ng mga contact sa bahay, asawa (intimate partner), at mga tagapag-alaga (caregiver) at iba pang malalapit na contact upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Ang malalapit na contact ay malamang na nalantad sa COVID-19 at kung nahawaan nito, madaling maikakalat ang COVID-19 sa iba, kahit na sila ay mayroon lamang katamtaman na mga sintomas.

### **B. Ang mga indibidwal ay kinakailangang ihiwalay ang kanilang mga sarili dahil mayroon sila o ay may posibilidad na magkaroon ng COVID-19.**

---

<sup>1</sup> Para sa layunin ng Kautusang ito, ang isang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan o kawani ng bilangguan na nagkaroon ng contact sa loob ng 6 na talampakan mula sa isang taong may COVID-19 (case), kahit na ang pinagsama-samang pagkakatapat ay magkakaroon ng kabuuang 15 minuto sa loob ng isang araw, ay hindi itinuturing na nagkaroon ng malapit na contact sa isang case kung ang manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan o kawani ng bilangguan ay wasto ang pagsusuot ng personal protective equipment (PPE) sa buong panahon ng kanilang contact sa isang case.



Ang pagpapasiyang ito ay batay sa isa o higit pa sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Isang positibong pagsusuri ng laboratoryo para sa coronavirus (kilala bilang SARS-CoV-2) na nagdudulot ng COVID-19
2. Mga palatandaan at mga sintomas na pareho sa COVID-19 sa loob ng 14 na araw mula sa pagiging malapit na contact sa isang taong nagkaroon o pinaniniwalaang nagkaroon ng COVID-19 Q
3. Ipinalam ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa indibwal na malamang na magkaroon siya ng COVID-19.

Kinakailangan ang paghiwalay sa sarili (self-isolation) dahil ang isang taong nahawaan ng sakit o may posibilidad na magkaroon ng COVID-19 ay madaling maikalat ang virus sa iba. Ang paghiwalay ay hinihiwalay ang mga maysakit na indibidwal na ito sa iba upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

**C. Ang mga nakahiwalay na indibidwal ay dapat na ihiwalay ang kanilang mga sarili sa isang tirahan at sundin ang lahat ng utos sa Kautusang ito hanggang sa wala na sila sa panganib na maikalat ang COVID-19 batay sa mga sumusunod na pamantayan:**

1. Hindi bababa sa 1 araw (24 na oras) na ang lumipas mula nang gumaling, na tinukoy bilang pagbaba ng lagnat nang hindi gumagamit ng mga gamot na pampababa ng lagnat at pagbuti ng ubo, kapos na paghinga o iba pang mga sintomas: AT  
Hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula nang magsimula ang kanilang mga sintomas: alinman ang mas huli.
2. Ang mga indibidwal na nagpositibo sa pagsusuri na hindi nagkaroon ng mga sintomas ay dapat ihiwalay ang sarili (isolate) sa loob ng 10 araw mula sa petsa kung saan una silang nagpositibo sa diagnostic test.

Ang Opisyal sa Kalusugan ay maaaring gumawa ng (mga) karagdagang aksyon, na maaaring kabilangan ng sibil na pagkabilanggo o paghiling sa indibidwal na manatili sa isang pasilidad sa kalusugan o iba pang lokasyon, upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na napapailalim sa Kautusang ito ay lumabag o nabigong sumunod sa Kautusang ito. Ang paglabag sa Kautusang ito ay isa ring maliit na kasalanan na maaaring maparusahan ng pagkakabilanggo, pagmumulta o pareho nito.

**ITO AY IPINAG-UUTOS NI:**

Oktubre 21, 2021

Dr. Nicholas J. Moss  
Opisyal sa Kalusugan, County ng Alameda

Petsa